

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
EFF 02/01/2020**

1. **LAYUNIN**

Ang layunin ng patakarang ito ay para magtaguyod ng mga gabay para sa pagputol ng residensiyal na tubig dahil sa hindi pagbabayad.

2. **PATAKARAN**

2.1 **Pagpapatupad**

Naglalaan ang Patakarang ito ng pagsunod sa Senate Bill No. 998 (SB998), Batas sa Proteksiyon sa Pagpatay ng Tubig. Inaprubahan ang SB998 noong Setyembre 28, 2018, ipatutupad sa Pebrero 1, 2020 at binabalangkas ang mga inaatas para sa pagputol ng residensiyal na serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad ng delinkuwenteng account.

3. **MGA INAATAS**

3.1 **Patakarang**

Ang nakasulat na patakarang ng Lungsod sa pagputol ng residensiyal na serbisyo ay makukuha sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil (kasalukuyang Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese at Koreyano), at anumang ibang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong nakatira sa lugar ng serbisyo nito. Ang Patakarang ito ay makukuha sa internet website ng Lungsod. Kasama ng Patakarang ang lahat ng mga sumusunod:

3.1.1 Isang plano sa inantala o binawang bayad

3.1.1.1 Maaaring ihandog ng Lungsod na pahabain ang petsang nakatakda sa pagbabayad para sa kostumer na may verbal na pangakong magbayad.

3.1.1.2 Para sa mga kostumer na nagpapakita ng kita ng sambahayan na mas mababa sa 200% ng pederal na linya ng kahirapan, ang mga singil sa interes sa mga delinkuwenteng singil ay ipaubaya minsan kada 12 buwan.

3.1.2 Mga alternatibong iskedyul sa pagbabayad

3.1.2.1 Maaaring maghandog ang Lungsod ng Plano sa Pakikipagkasundo sa Pagbabayad. Ang opsiyon sa muling pagbabayad na hinahandog ay dapat magresulta sa muling pagbabayad ng anumang natitirang umiiral na balanse sa loob ng 12 buwan. Sa mha kaso ng hindi nauukol na paghihirap sa batayang ayon sa kaso, maaaring magbigay ang Lungsod ng mas matagal na iskedyul sa muling pagbabayad.

3.1.3 Ang pormal na mekanismo para itanggi o iapela ng kostumer ang singil

3.1.3.1 Maaaring itanggi ng kostumer ang pagiging tumpak ng singil sa pagsusumite ng kahilingan nang nakasulat sa Finance Services Supervisor.

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
EFF 02/01/2020**

3.1.4 Isang numero ng telepono para makontak ng kostumer para talakayin ang mga opsiyon sa pagpigil ng pagputol ng serbisyong residensiyal para sa hindi pagbabayad.

3.1.4.1 Ang numero ng telepono sa Pagsingil ng Utility ay naka-print sa pahayag ng pagsingil, abisong kortesiya, abiso sa pagputol, tawag sa telepono at katukan ng pintuan. Kapag nagsagawa ng pagkontak sa pamamagitan ng mensahe sa telepono sa Lungsod, ang numero ng telepono ay isasaad.

3.2 Panahon ng pagputol at Abiso

3.2.1 Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyong tubig para sa hindi pagbabayad hanggang ang kostumer ay naging delinkuwente ng hindi bababa sa 60 araw mula sa petsa ng pagsingil.

3.2.2 Hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad, kokontakin ng Lungsod ang kostumer sa account gamit ang telepono o nakasulat na abiso.

3.2.2.1 Kung ang kontak sa kostumer na nakapangalan sa account ay ginawa sa pamamagitan ng telepono, mag-aalok ng Lungsod na ibigay sa pamamagitan ng sulat sa kostumer ang Patakaran sa pagputol ng residensiyal na serbisyo dahil sa hindi pagbayad. Iaalok ng Lungsod na talakayin ang mga opsiyon para mapigilan ang pagputol ayon sa 3.1 sa itaas.

3.2.2.2 Kapag kinontak ang kostumer na pinangalanan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, ang nakasulat na abiso ng pagiging delinkuwente ng bayad at napipintong pagputol ay ipadadala sa kostumer ng tirahan kung kanino nilalaan ang serbisyo. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng pag-aari ng serbisyo, ang abiso ay ipadadala din sa address ng pag-aari, naka-address sa "Occupant. Kasama ng abiso ang sumusunod:

- pangalan at address ng kostumer
- halaga ng pagiging delinkuwente
- ang petsa kung kailan ang bayad o pag-aayos sa bayad ay kailangan upang maiwasan ang pagputol ng serbisyong residensiyal
- isang paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa pagpapalawig ng oras para bayaran ang mga singil sa pagiging delinkuwente
- isang paglalarawan ng pamamaraan para magpetisyon sa pagrepaso ng singil at apela

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
EFF 02/01/2020**

- o isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kostumer ng deferred, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad

Kung hindi makontak ng Lungsod ang kostumer o isang adult na naninirahan sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihatid, ang Lungsod ay dapat gumawa ng isang may mabuting layuning pagsisikap na bisitahin ang tirahan at umalis, maglalagay ng abiso sa makikitang lugar ng abiso ng napipintong pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad at Patakaran ng Lungsod.

3.2.2.4 Kung ang isang adult sa tirahan ay nag-apela ng singil sa tubig sa Lungsod o ibang legal na katawan kung saan maaaring gawin ang apela, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyong residensiyal habang nakabinbin ang apela.

3.2.3 Hindi kailanman puputulin ng Lungsod ang residensiyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad kung **lahat** ng mga sumusunod na kundisyon ay natugunan:

Ang kostumer, o nangungupahan sa kostumer ay magsusumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng sertipikasyon ng tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga, na ang pagputol ng residensiyal na serbisyong tubig ay banta sa buhay sa o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar kung saan nilalaan ang residensiyal na serbisyo; at

3.2.3.2 Ipinakita ng kostumer na pinanisyal siyang hindi makakabayad ng serbisyong residensiyal sa loob ng normal na siklo sa pagsingil ng sistema ng tubig. Ang kostumer o sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay dapat kasalukuyang tumanggap ng CalWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan; at

3.2.3.3 Payag ang kostumer na pumasok sa plano para sa naantala o binawasang bayad (3.1.1.1) o alternatibogn iskedyul sa pagbabayad (3.1.2.1); at

3.2.3.4 Kung ang lahat ng nasa itaas na kundisyon ay natugunan, maghahandog ang Lungsod ng alternatibong plano sa pagbabayad na alinsunod sa patakaran 3.1.1, 3.1.2, o bahagyang pagbabawas (pagpapaubaya sa naantalang bayad at/o pagbabawas sa mga singil sa serbisyo na hindi kaugnay ng paggamit sa konsumo; **ang mga bayad sa pagpapakialam ay hindi ipaubaya** obabawasan) ng hindi bayad na balanseng pinondohan nang walang mga karagdang singil sa mga ibang nagbabayad ng buwis. Maaaring piliin ng Lungsod na piliin ang pinakamahusay na opsiyon sa pagbabayad na

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
EFF 02/01/2020**

isasagawa ng kostumer at magtatakda ng mga parametro ng opsiyon sa pagbabayad na iyon.

3.2.4 Maaaring putulin ng ang residensiyal na serbisyo nang hindi bago ang 5 araw ng negosyo matapos magpaskil ng Lungsod ng panghuling abiso sa paglalayong putulin ang serbisyo sa isang prominente at mapapansing lugar sa pag-aari sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon:

3.2.4.1 Nabigo ang kostumer na sumunod sa iskedyul sa alternatibong pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa plano sa pagbabayad para sa mga delinkuwenteng singil ng 60 araw o higit pa.

3.2.4.2 Ang kostumer, habang nagsasagawa ng isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delinkuwenteng singil, hindi binabayaran ng kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tirahan ng 60 araw o higit pa.

3.3 Pagbabalik ng Mga Serbisyo matapos Putulin ang Serbisyonng Tubig

3.3.1 Kapag pinutol ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, magbibigay ang Lungsod ng impormasyon kung paano ibalik ang serbisyo. Hindi ibabalik ang serbisyo hanggang ang lahat ng kailangang delinkuwenteng singil at bayarin para muling itaguyod ang serbisyo ay nabayaran. Aatasan ang kostumer na magbayad lang ng cash, cashier's check o money order.

3.3.1.1 Ang mga kostumer na nagbabayad ay maibabalik ang mga serbisyo sa susunod na araw ng negosyo nang walang singil.

3.3.1.2 Ang mga kostumer na nagbabayad para maibalik ang mga serbisyo sa araw ding iyon ay sisingilin ng bayad makalipas ang oras ayon sa nakatakda sa Iskedyul ng Master Fee.

a. Para sa mga residensiyal na kostumer na nagpapakita na ang kanilang kita sa sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na linya ng kahirapan, ang bayad ay hindi lalampas sa isang daang limampung dolyar (\$150) o lalampas sa aktwal na gastos ng muling pagkonekta kung mas mababa ito. Ang bayad ay limampung dolyar (\$50) kun ang muling pagkonekta ay naganap sa oras ng normal na operasyon.

b. Ang mga bayad sa muling pagkonekta ay sasailalim sa taunang adjustment simula sa Enero 1, 2021. Ang rate ng adjustment ay batay sa Consumer Price Index.

3.3.2 Kung ang bagong umookupa ay tumawag para magtaguyod ng serbisyo sa pag-aari kung saan ang mga serbisyo ay hininto dahil sa hindi pagbabayad at upang ang halagang nakatakda sa delinkuwenteng account ay maipaubaya, ang pagpapatotoo sa panirahan ay kailangan. Maaaring kasama sa

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
EFF 02/01/2020**

pagpapatotoo ang, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa lease o pag-upa, mga resibo sa pag-upa (sa panganlan ng umookupa), dokumento ng pamahalaan na tumutukoy na ang umookupa ay umuupa sa pag-aari, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Kodigo Sibil.

3.4 Pagputol ng Serbisyong Tubig sa Relasyon ng Kasera-Umuupa

3.4.1. Kung ang may-ari, manager o operator ng istraktura ng tirahan ay ang kostumer sa talaan, ang Lungsod ay gagawa ng bawat mabuting layuning pagsisikap upang ipaalam sa mga naninirahan sa tirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, kapag ang account ay hindi nababayaran na ang serbisyo ay wawakasan nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagwawakas. Ang nakasulat na paunawang ito ay higit na ipagbibigay-alam sa mga umookupa sa residente na may karapatan silang maging mga kostumer, kung kanino ang serbisyo ay sisingilin, nang hindi inaatasang magbayad ng anumang halaga na maaaring nakatakda sa delinkuwenteng account.

3.4.2 Ang Lungsod ay hindi kailangang gawing magagamit ang serbisyo ng mga residente ng tirahan maliban kung ang bawat residente ng tirahan ay sumasang-ayon sa mga termino at kundisyon ng serbisyo ng Lungsod at tinutupad ang mga iniaatas ng batas at mga regulasyon at taripa ng Lungsod. Subalit, kung ang isa o higit pa sa mga residensiyal na umookupa ay payag at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na paraan, ligal na magagamit ng Lungsod, ng selektibong pagtatapos ng serbisyo sa mga umookupa na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng mga patakaran at taripa ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod ang serbisyo sa mga residensiyal na umookupa na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.

3.4.3 Pagtataguyod ng kredito sa Lungsod para sa pagpapaubaya ng deposito ay kailangan ng dating account sa Lungsod na may mabuting katayuan na walang mga pagsuspinde o abala sa serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

3.4.4. Ang sinumang residensiyal na umookupa na naging kostumer ng Lungsod alinsunod sa seksiyong ito at ang pana-panahong bayad, tulad ng mga bayad sa upa, ay may kasamang mga singil para sa serbisyong residensiyal na tubig, kung saan ang mga singil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, ay maaaring kaltasin mula sa pana-panahong bayad ang bawat panahon ng pagbabayad ng lahat ng makatwirang singil na binayad sa Lungsod para sa mga serbisyong iyon sa nakaraang panahon ng pagbabayad.

3.5 Taunang Pag-ulat

3.5.1 Luulat ng Lungsod ang dami ng taunang pinutol na residensiyal na serbisyo para sa kawalan ng kakayahang magbayad sa Internet Website ng Lungsod, kung may Internet Website, at sa Lupon ng Kontrol ng Mga Dulugan ng Tubig ng Estado (Lupon). Ipo-post ng Lupon ang iniulat na impormasyon sa Internet Web site nito.

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG
EFF 02/01/2020**

3.6 Injunction ng Attorney General

- 3.6.1 Ang Attorney General, sa hiling ng Lupon o sa sariling mosyon nito, ay maaaring maghatid ng pagkilo sa korte ng estado para pigilan, sa pansamantala o permanenteng injunction ang paggamit ng anumang paraan, pagkilos o pagsasanay na dineklara sa SB998 na labag sa batas
- 3.6.2 Ang sistema ng tubig ng Lungsod ay nireregula ng Public Utilities Commission (PUC). Maaaring magdala ng pagkilos ang PUC sa korte ng estado para pigilan sa pansamantala o permanenteng injunction ang paggamit ng sistemang tubig na niregula ng PUC ng anumang paraan, pagkilos o pagsasanay na dineklara sa SB998 na labag sa batas.

3.7 Pagtupad

- 3.7.1 Kung saan ang mga probisyon ng umiiral na batas ay doble ng SB998, ang pagsunod sa isa ay ituturing na pagsunod sa kabila. Kung saan ang mga probisyong iyon ay hindi pareho, ang mga probisyon ng SB998 ay ilalapat. Walang anuman sa patakarang ito ay ituturing na naglilimita o pumipigil sa mga pamamaraang pananggalang laban ds diskoneksiyon ng residensiyal na serbisyong tubig na umiiral sa Disyembre 31, 2018.

3.8 Hindi Pinahintulutang Pagkilos

- 3.8.1 Hindi ilalapat ang patakarang ito sa pagwawakas ng koneksiyon ng serbisyo ng Lungsod dahil sa hindi pinahihintulutang pagkilos ng kostumer.